2nd Story

# Kapanganakan ni Jesus

Jesus's Birth

www.kidsworship.kr



# Kapanganakan ni Jesus

– 2nd Story –

| | |
|---|---|
| Narrator | Isang anunsyo ang ginawa, na ang lahat ay kailangan pumunta sa kanilang bayan. Nais ni Caesar Augustus na gumawa ng isang listahan ng lahat ng pinamumunuan niya. Kaya, umalis sina Jose at Maria sa Galilea at naglakbay patungong Betlehem. Si Maria ay malapit ng manganak, kaya kailangan nilang kumilos nang mabilis. |
| Jose | Halika asno! Hindi maaaring manganak rito si Maria! |
| Narrator | Naghahanap sila ng lugar upang matuluyan sa Bethlehem. Pagkatapos, nagsimulang sumakit ang tiyan ni Maria. Lalabas na ang batang si Jesus. |
| Maria | Ooow! Ooow! Jose! Oras na! Manganganak na ako! Araaaaay! |
| Jose | Ha! Ano - Anong gagawi n natin!? |
| Narrator | Sinubukan ni Jose na makahanap ng isang silid para sa kanila na mapaglilipasan nila ng gabi, ngunit lahat ng ito ay puno. |
| Jose | Maaari bang magtanong? Mayroon po ba kayong bakanteng silid? |
| Landlord | Wala! Hindi mo ba nababasa? |
| Jose | Tao po! May bakanteng silid pa po ba kayo rito? |
| Landlord 2 | Wala dito,, nahuli ka na ng dating. |
| Jose | Paumanhin, ngunit may reserba pa ba kayong silid na maari naming magamit? Ang aking asawa ay manganganak na! |
| Landlord 3 | Wala, Wala nang bakanteng silid dito |
| Jose | Kahit na maliit na bakanteng silid lamang? |
| Landlord 3 | Wala. |
| Jose | Kahit na maliit na imbakan lamang? |
| Landlord 3 | Wala. |
| Jose | Mayroon ba kayong bakanteng daan? |
| Landlord 3 | mister ... Tumigil ka na! Umalis ka na! |
| Narrator | Naghanap pa si Jose kung saan saan. Walang silid sa buong bayan ng Bethlehem. Sa wakas, napadaan sila sa isang kuwadra. |
| Jose | Dito? Dito may isang kuwadra! |





| | |
|---|---|
| Maria | Oo! Dito! |
| Jose | Sige |
| Narrator | Kaya ipinanganak ni Maria si Jesus sa kuwadra na napa-paligiran ng mga hayop. Mga asno, tupa, at kamelyo. |
| Maria | Ang sanggol na si Jesus |
| Jose | Napakaamo ng kanyang mukha |
| Narrator | Nagpapasalamat sina Maria at Jose sa kuwadra. Pinasala-matan nila ang Diyos para sa sanggol na si Jesus. Biniyayaan sila ng isang anak na lalaki. Ang anak ng Diyos.<br>Mayroon ding mga pastol na malapit sa kuwadra kung nasaan si Maria at Jose. Nag-aalaga sila ng kanilang mga tupa nang magpakita sa kanila ang mga anghel. |
| Angel | Oh yeah! |
| Angels | Papuri sa Diyos sa kaitaas-taasan! |
| Sheperds | AHHHHHHHHHH! |
| Angel | Whoa, whoa! Huwag kayong matakot sa amin! Naparito kami upang sabihin sa inyo ang magandang balita upang maibahagi sa lahat. Ngayon, sa lungsod ng Bethlehem, isang tagapagligtas ang ipinanganak. Ang tagapagligtas ng sanli-butan na si Kristo na Panginoon. Mahahanap ninyo siya sa kamalig, na nakabalot ng isang kumot sa mga bisig ng kanyang ina. |
| Sheperds | Huh? Ano? |
| Narrator | Namangha ang mga pastol sa sinabi ng mga anghel. Nag-pasya silang pumunta at makita ang sanggol na ito sa ku-wadra. Nang makarating sila sa kuwadra, sinabi nila kay Maria at Jose ang narinig nila mula sa mga anghel, at namangha rin sina Maria at Jose. |



Ngunit sinabi sa kanila ng anghel, "Huwag kayong matakot! Ako'y may dalang magandang balita para sa inyo na mag-dudulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao. Isinilang sa inyo ngayon sa bayan ni David ang Tagapagligtas, ang Cris-tong Panginoon. Lucas 2:10-11